Libreng forum para sa mga propesor ng Agham at Matematika, iiisponsor ng KWF

Mag-iisponsor ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng isang araw na seminar para sa mga guro ng Agham at Matematika sa kolehiyo.

Pinamagatang ***Forum para sa Pagtuturo ng Agham at Matematika sa Filipino: Mga Hamon, Karanasan, at Tugon***, mangyayari ito sa 8 Oktubre 2015, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 nghapon, sa Tanghalang Teresita Quirino ng Unibersidad ng Santo Tomas. Kabilang sa mga tagapanayam ang mga academician na sina Dr. Fortunato Sevilla, propesor ng kemistri sa UST at Dr. Jose Maria Balmaceda, dekano ng Kolehiyo ng Agham ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Ito ang una sa seryeng tig-iisang (1) araw na panayam at pagbabahaginan ng mga karanasan, estilo, lapit, at bisang pagtuturo sa iba’t ibang larang gamit ang wikang Filipino. Bibigyang-diin ang pamamaraan sa pagtuturo ng mga teknikal na asignatura upang makapagbalangkas ng mabisang lapit na magiging padron para sa mga guro. Bahagi ito ng paghahanda para sa Kongreso sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino na gaganapin sa Buwan ng Wika 2016.

Susundan ito ng forum sa pagtuturo ng Pinansiya at Ekonomiya sa Nobyembre at Batas at Hurisprudensiya sa Enero 2016.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tawagan si Dr. Benjamin Mendillo sa 736-2525 lokal 107 o 579-0780 o mag-email sa pagsasalin101@gmail.com.

###

Retrato mula sa Komisyon sa Serbisyo Sibil/PNA tampok si Dr.

Lucille V. Abad ng Philippine Nuclear Research Institute (PNRI).